
KAAYUSAN NG PAGSAMBA

Salita na Pagbubulayan:

"Binibigyan Niya ng katarungan ang mga ulila at balo; minamahal Niya ang mga dayuhan at binibigyan Niya ng pagkain at damit. Ibigin ninyo ang mga dayuhan sapagkat kayo'y naging dayuhan din sa Egipto" (Deuteronomy 10:18-19).

Habang patuloy ang paglobo ng bilang ng mga migrante, patuloy tayong nababahala tulad ni Jesus, sa kanilang kalagayan. Tayo, bilang mga Kristyano, ay patuloy na hinahamon na kumalinga, sumama, at ipaglaban ang kanilang kalagayan, at patuloy na makibahagi sa mga gawaing magdudulot ng pag-asa na makabangon sa lugmok nilang kalagayan at maranasan ang pamamayani ng Diyos sa kasalukuyan. (UCCP Sunday School Guide, 2015)

Sariling Paghahanda at Pagninilay

Pagbubukas ng Bibliya at Pagsisindi ng Kandila

+Tawag sa Pagsamba: (Batay sa Deut. 26: 4-6)

Patnugot: Ang Dios na si Yahweh ay nangako sa ating mga ninuno ng buhay na masagana sa lupain kung saan sila nanirahan.

Kapulungan: Tandaan natin ang mga salitang ito na kanilang binigkas sa harap ng altar: Isang pagala-galang Arameo ang kanilang ninuno. Dinala Niya ang kanilang pamilya sa Egipto upang manirahan doon. Noong una'y kakaunti lamang sila subalit sila'y dumami at naging isang makapangyarihang bansa.

Patnugot: Pinagmalupitan sila ng mga Egipcio, kaya't humingi sila ng tulong kay Yahweh.

Kapulungan: Nakita at narinig ni Yahweh ang kanilang mga karaingan at pagdurusa. Sa pamamagitan ng kanyang kahabagan at kapangyarihan, iniligtas at inilabas sila ni Yahweh mula sa kaapihan at kahirapan. Samakatwid, sa lahat ng mga nangingibang bansa at nagsisipaglakbay, hangad natin ang payapa at ganap na buhay.

Lahat: Halina, Bayan ng Dios, ating sambahin si Yahweh na kumakalinga at nagbibigay ng katiwasayan!

+Awit ng Pagsamba:

"Ating Purihin"

HFJ # 6

Ating purihin, ating purihin ang Diyos na dakila
Pagsamba ay ialay, umawit ang madla.

Ang pangalan, ang pangalan N'ya ay laging ibandila
Purihin sa langit! Purihin sa lupa!

Ang pagpapala, ang pagpapala ng Diyos ay hanapin
Maglingkod na palagi't ang aral Niya'y sundin
Ang pag-ibig, ang pag-ibig N'ya ay lagi siyang dalhin
Biyaya ng buhay ang ating kakamtin.

Buong tiwala, buong tiwalang buhay ay ialay
Ang lahat ay ilagak sa Kanyang kandungan

May biyaya, may biyaya S'yang sa ati'y iaalay
Purihin S'yang lagi, purihin kailan man!

+Panibukas na Panalangin (Patnugot)

Tawag sa Pagsisisi (Patnugot)

Dinggin ang pahayag ni Yahweh sa kanyang hinirang! "Nagalit Ako sa kanila dahil sa kanilang kasalana't kasakiman, kaya sila'y aking itinakwil. Ngunit matigas ang kanilang ulo at patuloy na sumuway sa akin." Halina, Bayan ng Dios, ating ipagtapat ang aking mga pagsalangsang, tanggapin ang ating kakulangan at pagmamalabis. Hingin ang pagtutuwid ng Dios na Banal!

Panalangin ng Pagsisisi (sabay-sabay ang lahat)

Paano kami ngayon aawit ng papuri sa Iyo, Dios na Makatuwiran? Kung ang aming mga kababayan ay nasasadlak sa kahirapan at paghihinagpis dahil sila'y pinaalis sa kanilang mga minanang lupain! Winasak ang kanilang mga tirahan at ikinabubuhay; sila'y unti-unting pinapatay!

Paano kami magsasaya at magdiriwang sa dambana ng Diyos? Kung napakarami pa ring Pilipinong nasa ibang bansa, nakaabang na bitayin dahil sa kasalanang hindi nila ginawa! Humihingi sila ng tulong subalit napakailap ng katarungan para sa kanila at sa kanilang minamahal!

O Dakilang Tagapaglikha, dinggin mo ang aming mga panalangin. Buksan Mo ang pusong nakapinid para makibahagi sa buhay ng aming kapwa. Ituwid Mo ang liko naming pag-uugali at gawi. Palawakin ang makitid naming pananaw. Pagmalasakitan nawa namin ang nahihirapan at naaapi. O Diyos, sa iyong biyaya, hinihingi namin ang iyong pagpapatawad. Amen.

Kapanatagan ng Pagpapatawad (Isaias 57: 18-19)

Pastor

Tugon: "Paano Kami Ngayon Aawit?"

BHP 31

Paano kami ngayon aawit, buhay lubhang ginigiyagis!
Ay nasaan ang malasakit, Buhay binili ng pilak, O kay mura, kay saklap!
Bathala, buksan ang langit, paulanin wagas na pag-ibig.
Pasikatin ang pag-asa, O Bathala, pananalig nami'y magbunga.

+Pagbabatian ng Kapayapaan

"O! Mahal Kita sa Panginoon"

Mga Balita, Malasakit at Paalala

Panalangin ng Pamayanan

Pastor

Tugon: "Dios na Magulang"

BHP 36

Dios na Magulang, Banal ang ngalan. Pamamayani ay sumaaamin
Gawin nawa ang 'yong kalooban, sa lupa gaya ng sa langit.

Pagbasa sa Banal na Biblia

Isaias 57:14-16, Efeso 5: 17-21, 1 Corinto 12: 1-11, 2 Pedro 1: 5-7

+ Gloria Patri

Ang Ama'y papurihan, Anak at ang Diwang Mang-aaliw
Nang pasimula't ngayon din maging sa haharapin
Walang maliw! Amen. Amen.

Mensahe sa Awit

Mensahe sa Salita

(Matahimik na pagbubulay pagkatapos dinggin ang sermon)

Tawag sa Pagkakaloob (Patnugot)

Kulang ang pananampalataya natin sa Dios kung ito'y nakabatay lamang sa salita at hindi nakikita sa ating mga gawa. Ipahayag natin ang pagiging maka-Diyos at mapagmalasakit sa kapwa sa pamamagitan ng paghahandog ng ating mga buhay. Gawin natin ang pagkakaloob na may katapatan at kagalakan.

Paglikom ng mga Handog

+Doksolohiya

Purihin ang Diyos ng awa, Kristo't Diwang Mapagpala
Magpuri ang buong madla, sa Diyos ng langit at lupa. Amen.

+ Panalangin Nauukol sa mga Handog (Patnugot)

Awit ng Pagtatalaga

"Pananagutan"

Walang sino man ang nabubuhay, para sa sarili lamang
Walang sino man ang namamatay, para sa sarili lamang.

Koro:

Tayong lahat ay may pananagutan sa isat' isa,
Tayong lahat ay tinipon ng Diyos na kapiling niya

Sa ating pagmamahalan at paglilingkod sa kanino man,
Tayo ay nagdadala ng balita ng kaligtasan.

+Sabay-sabay na nag-aawitan ang mga bansa
Tayo'y tinuring ng Panginoon, bilang mga anak.

+Panalangin ng Pagtatalaga at Basbas

+Tugon: Tatlong Amen

Resesyonal



UNITED CHURCH OF CHRIST IN THE PHILIPPINES



(Local Church and Address)

November 20, 2016

(13th Sunday in Kingdomtide)

MIGRANT WORKER'S SUNDAY



STEWARDSHIP MONTH

Stewardship is important because this component in the life of the Church is where and how we develop and create resources that will allow us to continue doing mission.

- Lauro C. Millan, Stewardship Sunday Message 2015

Patnugot:

Manunugtog:

Tagapagbasa ng Banal na Kasulatan:

Tagapamahalang Pastor:

Tahimik na Paghahanda at Pagbubulay-bulay

Pagbubukas ng Bibliya at Pagsisindi ng Kandila sa Altar

Pagsisindi ng Kandila ng Pag-asa (sa pangunguna ng pamilya na itinakda)

Dinggin, Bayan ng Dios, ang pahayag ng mga propeta: "Bumangon ka, Jerusalem, at sumikat na tulad ng araw. Liliwanagan ka ng kaluwalhatian ni Yahweh. Mababalot ng kadiliman ang buong daigdig; ngunit ikaw ay liliwanagan ni Yahweh at mapupuspos ka ng kaluwalhatian" (Isaias 60: 1-2). Sa ating pagdiriwang ng Unang Linggo ng Pagdatal ni Kristo, nawa'y sumaatin ang tunay na kahulugan ng pag-asa sa pamamagitan ng pakikiisa sa kalagayan ng inaapi at pinagsasamantalahan. Isabuhay natin ang tunay na pagmamalasakit at pakikituwang. Sisindihan natin ngayon ang Kandila ng Pag-asa, nananalig sa Dios na lagi nating kasama.

+Tawag sa Pagsamba

Patnugot: Ipagbunyi natin ang banal na araw ng ating pagtitipon! Sapagkat ang Dios na Banal ay sumasaatin!

Kapulungan: Hinahangad Niya ang pusong naghahanap ng katarungan at isinasabuhay ang mabuting ugnayan sa loob ng isang tahanan at kinabibilangang pamayanan.

Patnugot: Papaghariin natin ang Diyos sa ating mga puso.

Lahat: Sa gitna ng iba't ibang pagsubok at hamon ng buhay, ang pag-asang dulot ng kanyang pagdatal at tiyak na pakikipamahay ng Banal na Diwa ang siyang magsilbing lakas at inspirasyon natin sa tuwi-tuwina! Sambahin natin ang Diyos sa espiritu at katotohanan!

+Awit ng Pagsamba "Purihin ang Panginoon" HFJ No. 14

Refrain: Purihin ang panginoon, umawit ng kagalakan;
At tugtugin ang gitara, at ang kaaya-ayang lira,
hipan ninyo ang trompeta.

Sa ating pagkabagabag, sa Diyos tayo'y tumawag;
Sa ating mga kaaway tayo ay kanyang iniligtas. (Refrain)

Ang pasaning mabigat, sa 'ting mga balikat
Pinagaan nang lubusan ng Diyos na Tagapagligtas. (Refrain)

Kaya't Panginoo'y dinggin, ang landas n'ya'y tahakin,
Habambuhay ay purihin, kagandahang loob n'ya sa 'tin. (Refrain)

+Panibukas na Panalangin (sabay-sabay ang lahat)

Luwalhatiin natin ang Diyos na sa ati'y laging kumukupkop at kumakalinga. Ikaw ang nagbigay ng buhay sa amin at lumikha sa bawat isa upang mamuhay na may dangal at katiwasayan. Nawa ang pagsamba namin ay maging daluyan upang lalo pang mabuksan ang aming isip, puso at buong kalooban at maunawaan ang inyong pagkatawag. Nang sa gayon, kami'y makapagpatuloy sa aming pakikiisa at pakikihamok sa buhay na lubos na naghihinagpis dulot ng

pagkamakasarily at pagkamapaminsala. Patnubayan nawa kami ng iyong karunungan at akayin sa buhay na lipos ng pag-asa at kapayapaan. Sa ngalan ni Hesus. Amen.

Tugon: "O Come, O Come Emmanuel" HFJ # 169

O come, O come, Emmanuel, And ransom captive Israel,
That mourns in lonely exile here; until the Son of God appear.
Rejoice! Rejoice! Emmanuel shall come to Thee, O Israel!

Tawag sa Pagsisipi

Sa isang maliit na pamayanan, ito ang aming nasaksihan. Ang bayan na dati'y tahimik ay ginambala ng isang daluyong ng nakakabinging putukan at nakakabulag na usok na inihagis ng mga kalaban. Nais nilang kamkamin ang lupang matagal nang binungkal at maingat na inalagaan ng aming mga magulang. Winasak nila ang aming tirahan, ang mabuti naming pagsasamahan at sinilaw kami ng kanilang kayamanan. Patuloy ang sandali ng pananakot sa araw man o kadiliman. Kaya't ang sigaw namin, "O Diyos, nasaan ang katarungan? Ipagtanggol Mo kami sa kamay ng masasama at mapaglinlang!" Mga kapatid, buksan natin ang ating kalooban sa nagaganap sa ating kalagitnaan. Tahimik nating ipagtapat sa Diyos ang ating pagwawalang-bahala. Idalangin natin, nawa'y kamtin ang kanyang biyaya at minimithing kapayapaan!

Tahimik na Panalangin at Pagsusuri ng Sarili

Katikan ng Kapatawaran (Isaias 29: 15, 17, 20)

Kaawa-awa ang mga nagtatago kay Yahweh habang sila'y gumagawa ng mga panukala. Sila na nagsasabing, "Doon kami sa gitna ng dilim upang walang makakakilala o makakakita sa amin... Hindi magtatagal at magiging bukirin ang kagubatan... at ang bukirin ay magiging kagubatan." Pumanatag nawa ang ating kalooban sapagkat dumating na ang panahon na "mawawala na ang malupit at mapang-api, gayon din ang lahat ng mahilig sa kasamaan." Ipapairal ng Diyos ang kapayapaan kung kaya't mamuhay tayo sa kabanalan. Amen.

+Pagbabatian ng Kapayapaan

"Kung May Dalawa, Tatlong Nagkatipon, Ang Diyos ay Naroon"

Mga Balita, Malasakit at Paalala

Panalangin ng Pamayanan

Tugon: "Itinaas Ako Ng Pag-ibig" Pastor MASP # 121

Sa'king kinalalagyan dagat ng kasama'n;
halos di na makuhang umahon sa pampang; Ngunit ang Panginoon, sa aking pagtaghoy ay Siya ang nag-ahon at umampon.

Itinaas (ako) ng pag-ibig (ako). Nang walang sumagip, tinangkilik.
Itinaas (ako) ng pag-ibig (ako.) Nang walang sumagip, tinangkilik.

Pagbasa sa Banal na Biblia

1 Samuel 25: 13 -34

+Mateo 1 : 18-24

+ Gloria Patri

Ang Ama'y papurihan, Anak at ang Diwang Mang-aaliw
Nang pasimula't ngayon din maging sa haharapin
Walang maliw! Amen. Amen.

Mensahe sa Awit

Mensahe sa Salita

(Matahimik na pagninilay pagkatapos dinggin ang sermon)

Tawag sa Pagkakaloob (Kawikaan 16: 1-2)

Nasa tao ang pag-iisip at pagbabalak ngunit ang tagumpay ay sa Diyos nagbubuhay. Ang akala ng tao ay tama ang kanyang kinikilos ngunit sa tunay niyang layon, Diyos lang ang nakatatalos. Halina, mga kapatid, handugan natin ang Diyos sa pamamagitan ng bunga ng ating pinagpagalan.

Paglikom ng mga Handog

+Doksolohiya

Purihin ang Diyos ng awa, Kristo't Diwang Mapagpala
Magpuri ang buong madla, sa Diyos ng langit at lupa. Amen.

+ Panalangin Nauukol sa mga Handog (Patnugot)

Awit ng Pagtatalaga "Sa Tana'y May Balitang Mainam" MASP 278

Sa tana'y may balitang mainam, upang puso'y liwanagan;
Buhay at katotohanan, kapayapaa't ilaw; kapayapaa't ilaw.

Koro:

Ang dilim ay magliliwanang at sa lupa'y itatatag
Ni Kristo ang kaharian ng pag-ibig at liwanag.

Mayroong awit na aawitin, puso kay Kristo ay dalhin;
Sa kasama'y pangsupil, dudurog sa patalim; dudurog sa patalim. (Koro)

Sa kalahatan ay may balita, na ang hari sa itaas,
Sinugong Anak ng liyag, upang tayo'y iligtas, upang tayo'y iligtas. (Koro)

+Nagligtas ay ipakikilala, hirap ang dinanas niya,
Ang kahirapa'y tinahak lahat ay nang maligtas; lahat ay nang maligtas. (Koro)

+ Panalangin ng Pagtatalaga at Basbas

Pastor

+Tatlong Amen

Resesyonal



UNITED CHURCH OF CHRIST IN THE PHILIPPINES



(Local Church and Address)

November 27, 2016

(1st Sunday in Advent)



THE ADVENT OF HOPE

"The Season of Advent is a preparation of ourselves—for readying the mind and soul for the celebration of Christmas and Epiphany. It is one of penitence for the renewing of the understanding of God's action and for entering into the spirit of being God's children through Christ. It is the hopeful anticipation of Christ's coming not only as a babe but more so as the Lord of our lives."

- Hope S. Antone, "Why the Church Year," *The Book of Common Worship*

Patnugot:

Manunugtog:

Tagapagbasa ng Banal na Kasulatan:

Tagapamahalang Pastor: